**UNION ESPIRITISTA CRISTIANA DE FILIPINAS, INC.**
SEC Registry No. 15147 since 1905
Sampaguita St., A. Samson, Quezon City/
Brgy. San Jose, Cut Cut I, Caps, Tarlac
UECFIPHIL@yahoo.com http://unionespiritista.weebly.com

**CIRCULAR NO. 001-12-2018**

**BOARD RESOLUTION NO. 100**
Series of 2018

## IMPLEMENTING RULES AND REGULATIONS ON OFFICIAL MEDIUMS AND OTHER SITTING MEDIUMS

Pursuant to Articles 36, 37, 38 of the 2001 UECFI By-Laws, and the Implementing Rules and Regulations on Mediumship under Circular No. 03 Series 2003, is hereby modified, to wit:

WHEREAS, Article 36 states that, The Spiritual Direction shall be the Supreme Authority of the Association. This shall integrate a Court of Spirits of Light officially known as the Holy Spirit Protectors who are under Superior Direction of the Lord Jesus Christ. These Holy Spirit Protectors are the One's who shall direct the works in general of the Association principally those [3]concerning the scientific, philosophical, moral and spiritual through Medianimical communications.

**Mga tanong:**

1. *Ano po ang ibig sabihin o paliwanag sa Court of Spirits of Light officially known as the Holy Spirit Protectors? Sino-sino po o may pangalan po ba ang mga Banal na mga Espiritung kabilang dito?*

**ANS.:** Court of Spirits of Light known as the Holy Spirit Protectors - ito ay binubuo o kalipunan ng mga hinirang na pinapaging mga Banal na Espiritu bilang mga Saserdote ng Dios. Ang mga Arkangheles (Chief Angels), a) Miguel Arkanghel - tagapagpatupad ng mga batas ng Dios sa langit at sa lupa, b) Rafael Arkanghel - ang Doctor Espiritu, c) Arkanghel Gabriel- ang tagapaghatid balita, d) Arkanghel Sarraquiel- may kapamahalaan sa panahon at digmaan, e) Seraphim- may kapamahalaan sa tubigan at karagatan, f) Querubin- may kapamahalaan sa mga sanggol at mga bagong silang na mga bata, g) Propeta Juan Bautista- tagapaghawan ng mga kaisipan, damdamin at kalooban ng mga nakikinig; h) Grand Saserdote Aaron- may kapamahalaan sa pagsasanay ng pangitain (pagbubukas ng mga facultad; i) Apostol Pedro- nagsisilbing patnugot o decano (dean) ng lahat ng mga Lunduyan o Centro; j) Juan Evangelista; k) Judas Is.- unang kagawad ng Guro/ Panginoong Jesucristo; l) Apostol Pablo; m) Mahal na Ina (Birheng Maria)- Ina ng Sangkatauhan ng dahil sa pagiging ina ng Panginoong Jesucristo, ang Espiritu na nagkatawang tao; n) Maria Magdalena, o) Maria Salome at p) Maria Veronica, sinusugong mga Banal na Espiritu sa ilalim ng kapangyarihan ng Dios, ang Panginoong Jesucristo, ang Espiritu Santo.

Ref: Mateo 28: 18-20; Hebreo 1:14; Pahayag 20: 4, 6

2. *Ang "who shall direct" po ba ay "who will command" the works in general of the Association?*

**ANS.:** Sa ilalim ng ating By-laws ay malinaw na isinasaad na bago maipatupad ang mga napagtibay na batas, resolution o mga maseselang kautusan ay kinakailangan munang pagtibayin o konpirmahin ng Holy Spirit Protector sa pamamagitan ng pinagkakatiwalaang National Medium(s) ng BOD.

3. *Ano po ang mga halimbawa ng scientific at philosophical na direction sa ating pananampalataya?*

**ANS.:** Scientific- pagsasaliksik at pagbubungkal sa katotohanan na napapatotohanan ang bisa ng espiritual na mga karunungan at kaalaman mula sa kaluwalhatian ng Dios sa ilalim ng patnubay at kapangyarihan ng Espiritu ng katotohanan/ Espiritu Santo.

Philosophical- mga kaisipan at panuntunan ayon sa diwa at karunungang espiritual

WHEREAS, Article 37 states that, The organization of the Spiritual Directors of the Union shall be headed by the President General and the Secretary General in the General Center and the respective officers of the Regional, Provincial and Local Centers respectively to wit:

a. In the General Center, the organization shall have three or more Official Mediums General to be selected from all regions by the Board of Directors General. This Official Mediums General shall act alternately in the Spiritual meetings of the Board of Directors General.
b. In every Regional or Provincial/City Center two or more Official Mediums to be selected by the Regional, Provincial Committee respectively shall act alternately in the Spiritual Services during Sunday and in all other meetings.
c. In every Local Center, one or more Official Mediums shall act alternately in the Spiritual Services during Sunday and in all other meetings in the Center.
d. The alternation among Official Mediums to act in their own Centers is based on their respective officers in accordance with procedures formulated and approved by the Board of Directors General and confirmed by the Holy Spirit Protector of the General Center.

WHEREAS, Article 38 states that, An Official Medium shall not be eligible to hold office, post or position either elective or appointive. They shall be allowed to act as mediums only, including the registered Official Spiritual Healers.

*4. Ano po ang ibig sabihin ng registered? Ito po ba ay may proseso o yung pagiging miyembro ng isang Local Center ay pakahulugan ng pagiging rehistradong manggagamot?*

**ANS.:** Ang registered official Spiritual healers ay ang mga kapatid na may mga kaloob sa pagpapagaling ng mga may karamdaman na dumaan sa pagsusuri at panuntunan ng BOD upang matala at mabigyan ng kapahintulutang manggamot, sa kasalukuyan ay wala pang nagsusumite kung kaya't wala pang listahan ng mga registered spiritual healers.

NOW THEREFORE, the following rules and regulations under CIRCULAR NO. 01-11 SERIES OF 2018, are hereby adopted, to wit:

**Part I SCOPE**

Section I: These Rules and Regulations shall be referred to as The Implementing Rules and Regulations for the Official Mediums and other sitting mediums of the affiliated Local Centers of UECFI.

**Part II GUIDING PRINCIPLES**

Section 2: It is acknowledged and accepted by the members of the Union that MEDIUMSHIP is the foundation of Spiritism, a precious gift that serves to obtain/ receive the revelations/ messages and teachings from the Holy Spirit and Ministering Spirits.

*5. Sino-sino po ang mga Ministering Spirits? Ang mga Ministering Spirits po ba ang kabilang sa mga tinatanggap ng ating mga mediums?*

**ANS.:** Ang ministering Spirits at blessed Spirits ay ang mga Banal na Espiritu na sinusugo ng Ama upang magpahayag o mag-abot sabi sa pamamagitan ng mga kasangkapan o medium.

*6. Ano po ang pagkakaiba ng Blessed Spirits sa Ministering Spirits?*

**ANS.:** Walang pagkakaiba ang blessed Spirits at ministering Spirits

*7. May kaparaanan o mga kaparaanan po bang sinusunod upang mapatunayan na authentic na Banal na Espiritu ang tinanggap ng isang medium?*

**ANS.:** Sa ilalim ng derektang mediuminidad, ang kapangyarihan ng nakatalagang mamamahayag na banal na Espiritu ay sumusumpa muna ng 3x ng Sa pangalan ng Ama, ng Anak at sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, at babanggitin ang pangalan na kung saan ay sinusuri muna ng kasangkapan sa oras ng kaniyang pananahimik bago ipagkaloob ang sarili, may nakikitang bilang na 1 sa kanang dibdib upang mapatotohanan ang orihinal na Apostol Pedro, o ang Miguel Arkanghel, at hindi ang mga kagawad na may kanikaniyang bilang, at ang kapangyarihan ay lalangkap sa buong katauhan ng medium habang lumalabas ang sariling espiritu hanggang 3 talampakan sa kanang bahagi na nakaugnay pa rin sa katawang laman ang raya/pisi ng liwanag.

May mga medium na napagkakalooban ng salitang lihim na isinusulat ng Espiritu sa kanang palad ng medium na kapag binanggit ang nasabing salitang lihim ay dagliang nakikilala at nasusuri ang banal na Espiritung gagamit.

Hindi tulad ng nasa antas na "intuition" na kung saan ang medium ay nasa ilalim ng suhestiyon ng kapangyarihan ng Protector na gagamit na nakatututok ang raya o liwanag sa gawing ulunan ng kasangkapan at may buhay na diwa.

At ang isang kaparaanan sa pagpapaunlad ng antas ng mediuminidad ay ang mabuksan ang taglay na mga facultad sa pamamagitan ng pagsasanay ng pangitain kung saan binubuksan ang taglay na mga facultad ayon sa sukat at kalooban ng Espiritu ng katotohanan, upang makita, makausap, marinig, madama at maamoy ang mga Banal na Espiritu, sapagka't ang may bukas ng mga facultad , medium man o hindi, ang lahat ng mga malalalim na mga bagay ay naipagkakaloob at inihahayag ng tuwiran;

Sa ganitong antas na kalagayan ng medium ay higit na pagsulong ang natatamo, mismong ang Protector na ng medium ang sa kaniya ay magdidirehe, magdidisiplina at napagkakalooban ng iba't ibang mga biyaya upang higit na makaganap ng kaniyang tungkulin at makatulong sa kapatiran at hindi madadaya ng mga mababang espiritu.

2.1 The UECFI shall safeguard the integrity, authenticity and clarity of revelations/ messages and teachings from the Holy Spirit and Ministering Spirits through the direct use of mediums;
2.2 The UECFI shall protect and maintain the interest of official mediums and other sitting mediums;
2.3 The UECFI shall encourage, assist and safeguard their peace of mind by providing mechanisms to promote and re- strengthen quality of mediums and the Union to protect its interests.

## Part III DEFINITION OF TERMS

*MEDIUM*- refers to a bonafide member of the Union credited with spiritual gifts and a channel of the communicating Holy Spirit and the Ministering Spirits.

*OFFICIAL MEDIUM (OM)*- refers to medium regularly assigned and designated as the sitting medium in the regular spiritual session who acted for a period of at least seven (7) consecutive years at the Local Center.

8. *Kung wala pa pong 7 consecutive years na miyembro ang isang Medium sa isang Local Center pero nakapagtamo na siya ng mataas na antas ng pagka-medium ay hindi siya maaaring tawaging OM?*

**ANS.:** HINDI PA hangga' t wala pang 7 taon na gumaganap sa kaniyang tungkulin sa kinabibilangang Centro/ Lunduyan. Kung walang sariling Medium ang isang Centro, ang Area o District Medium ay maaaring italaga sa nasabing Centro upang subaybayan ang sinomang karapatdapat na maging medium sa nasabing Center o maaari rin na pansamantalang makahiram ng gaganap na medium sa karatig Centro ayon sa pahintulot ng mga local na pamunuan at ng Area Committee Officers. Kung iisa lamang ang medium ng isang Centro ay maituturing na OM kung may 7 taon ng gumaganap sa tungkulin bilang medium.

*SITTING MEDIUM*- refers to other newly assigned/designated sitting medium other than the official medium.

9. *Ang Medium Parlante po ba ay kabilang sa mga Sitting Mediums?*

**ANS.: OO KUNG GAYUN ANG KAPARAANAN AT REGULAR NA GUMAGANAP SA KANIYANG TUNGKULIN BILANG MEDIUM**

*PEACE OF MIND*- refers to the state of mind before the actual sitting, with clean mind, emotion and inner self, free of negativities, worries, fear, and other psychological disturbances.

*SPIRITUAL FACULTIES*- refers to spiritual senses/power/attributes of the spirit in every individual.

## Part IV
## INSTITUTIONALIZATION AND MANAGEMENT MECHANISM FOR ALL COMMUNICATING MEDIUMS

Section 3 The Formulated Rules and Regulations for strict compliance by all communicating mediums

of all affiliated Local Centers are as follows:

*10. Ang communicating mediums po ba ay ang mga OM at Sitting Mediums o may iba pang kabilang sa communicating mediums?*

**ANS.:** Ang Communicating Medium o sitting medium ay ang medium na regular na gumaganap ng kaniyang tungkulin sa bawat araw at oras ng gawain, bagama't may iba't ibang antas at pamamaraan sa paggamit tulad ng Medium Escribiente (nagsusulat) at Medium Aparatu.

**Section 3.1 PREPARATORY REQUIREMENTS**

3.1 The regular/ official medium shall observe 24- hour preparation before the day of actual service, such as:

3.1. a No heavy work shall be engaged with by the medium;

3.1. b No heavy meals shall be partaken specifically pork and beef and other intoxicating drinks;

*11. Ang karne po ba ng manok ay kabilang sa heavy meals?*

**ANS.:** Opo

3.1. c No biological contact with spouse shall be made prior to Spiritual service;

3.1. d To ignore pressures and concerns from within and outside the family members prior and during the Sunday preparation period;

3.1. e To undertake mind, heart and body cleansing process;

3.1. f To abstain reading of any unholy material writings, listening to radio and watching television programs particularly those showing elicit, biological and emotional concerns.

**Section 3.2 ATTIRE**

3.2.a For Women- strictly white blouse with sleeves and below the knee skirt;

*12. Ang pagsusuot po ba ng belo o lambong sa mga medium tuwing session ay pinahihintulutan? At kung hindi naman ipinagbabawal ay kusang pagsusuot lamang at hindi pwedeng ipilit o gawing mandatory ng pamunuan ng Local Center sa mga mediums?*

**ANS.:** As a General Rule no mediums are allowed to used belo, sapagka't ang lambong sa ulo ay nakasasagabal o nakapagdudulot ng mga katanungan sa isipan ng mga nakikinig gayundin ng pagaalinlangan at ang gayung gawi ay maaari pa ring igalang hanggang sa mismong ang Protector na ang magsabi sa kasangkapan na huwag ng gumamit ng belo o lambong sa ulo.

3.2.b For Men- strictly white polo or collared T-shirt with white or light-coloured long pants;

3.2.c No wearing of jewelleries, like earrings, wristwatch and other similar objects, (both male and female mediums); Cell phones, coins and other metallic objects shall be out in possession before and during the actual service; Colouring of finger nails nor make ups is strictly prohibited while in the performance of the noble task.

*13. Ang pagkukulay ng buhok ay pinhihintulutan?*
***ANS: HINDI PO SAPAGKA'T ITO AY NAGDUDULOT LAMANG NA ABALA SA MGA NAKIKINIG***

**Section 3. 3 TIMELINESS OF ARRIVAL**

3.3.a Official mediums (OM), and all other sitting mediums shall be in the Center at least thirty (30) minutes before the start of every Spiritual session for mind- cleansing and meditation purposes.

IN NO CASE shall they be permitted to serve when late in coming by not more than fifteen (15) minutes before the start of the Spiritual Session.

IN CASE NO OFFICIAL MEDIUM IS AVAILABLE to fill the slot for the Spiritual session, the congregation shall continue to be highlighted with evangelical activity.

3.3.b The OM and all other sitting mediums shall stay in the Center during the entire duration of the session, except when called for urgent matter and attend to personal necessities.

*14. Ang Center po ba na tinutukoy sa probisyon na ito ay Local Center?*

**ANS.:** Yes. The Center where the medium is regularly performing the service.

3.3.c Only illness shall excuse the OM and all other sitting mediums in performing the promised duty.

### Section 3.4 COMPENSATION AND FEES

All Official and Sitting Mediums are prohibited from asking and/or charging fees for the performance of the spiritual duty or for any consultation, healing services or any assistance on spiritual matters except in the exercise of the profession/ career.

### Section 3.5 PRACTICES

3.5a The OM and other sitting mediums are prohibited to perform their duty outside of their Local Center or conduct missionary works without the prior permission of the Local President and/or other authorities/officers of the Union.

3.5b The OM and other sitting mediums shall seek that the Blessed Spirit or the Holy Spirit/Lord Jesus Christ be the one assigned as the communicating Spirit within the prescribed time given by the presiding officer at the time of the spiritual session.

*15. Ang mga arkanghel, angel, propeta at apostol ay pinahihintulutang tanggapin ng ating mga mediums*
**ANS.: OPO, Sapagka't sa pasimula pa lamang ay ang mga Arkangheles na ang isinusugo at inaatasan ng Dios Ama sa mga kautusan at itinatagubilin sa mga hinirang, gayundin ang ibang mga Propeta at Apostol na pinapaging Banal at Saserdote ng Dios .**

*o striktong Holy Spirit/Lord Jesus Christ ang kanila lamang tatanggapin?*

*16. May kaparaanan o mga kaparaanan po bang sinusunod upang mapatunayan na authentic na Blessed Spirit or Holy Spirit/Lord Jesus Christ ang tinanggap ng isang medium?*

**ANS.:** OPO, una, sa pamamagitan ng mga mediums na may bukas na mga facultad, kanilang nakikita, nasusuri at naririnig ang tinig bago ibigay ang sarili, gayundin ang ibang mga kapatid na bukas ang mga facultad kung saan kanilang pinatotohanan ang nakikitang kaanyuan ng Protector na namamahayag at ang ibang mga vidente, at gayundin sa mga ibinababang mga mensahe o mga turo at aral kung alinsunod sa turo ng Cristo. At nararamdaman din ng puso ng may kagaanan kung may mga panunumbat man.

### Section 3.6 ATTITUDES

3.6.a The OM and other sitting mediums shall behave and act with candor, humility and understanding, as well as observe best possible morality;
3.6.b The OM and other sitting mediums shall refrain from participating rumor mongering, intrigues and the likes;
3.6.c The OM and other sitting mediums shall sincerely accept and make amends on mistakes and committed wrongdoings;
3.6.d The OM and other sitting mediums shall strongly encourage immediate members of their family to join and attend Spiritual session in the Center;
3.6.e The OM and other sitting mediums, when requested shall attend seminar on Mediumship and other related assemblies/ gathering;

*17. Pinahihintulutan din po ba ang mga mediums na maging speaker sa mga seminars?*

**ANS.:** Kung may bahagi sa mga karanasan bilang isang medium ay binibigyan ng pagkakataong makapagbahagi, datapuwa't sa mga pangangasiwa o mga pagtalakay ng ibang mga bagay ay hindi nararapat na pagsalitain o makinig man.

*18. Kung magsasagawa ng Mediumship Training/Seminar ang isang Distrito, sino po ang mga kwalipikadong maging mga resource speakers? Ano po ang mga kwalipikasyon?*

**ANS.: Ang pagsasanay sa pagupo ng medium o training ay nasa ilalim ng kapamahalaan ng Protector at ng natalagang senior medium,**
**Samantalang ang orientation seminar ng mga mediums ukol sa IRR at sa mga bagay ukol sa mga disiplina, moral values at iba pang mga kaukulang paalala ay ginaganap ng Director of mediums at ng iba pang mga opisyales na may kaalaman sa bagay ng mediumindad at pamamahala.**

Kung magsasagawa ng orientation on Mediums. Officers. Area Director of Mediums or District Director of Mediums are qualified to one of the resource speakers.

If IRR, Admin – Officers or with knowledge of Mediumship.

If Tercio/Actual Mediumship – those are the Official/Sitting Mediums.

Senior Medium or the Spirit on the Mediumship Training.

3.6.f The OM and other sitting mediums shall remain regular member in good standing of the Union and shall observe all its rules and regulations.

**Section 3.7 PROHIBITIONS**

3.7.a The OM and other sitting mediums are disqualified to hold any office in the Union of any position either elective or appointee or any of its local organization, except to act as communicating medium nor to organize their own association;

3.7.b The OM and other sitting mediums are prohibited from participating in any meeting, discussion or assembly that pertain to the affairs of the local Center and of the Union in general, except to vote in the local and national election of the Philippine government

19. *Pinahihintulutan din po ba ang mga mediums na bumoto sa Local Center at National Elections ng UECFI?*

**ANS.** YES as a member.

3.7.c The OM and sitting mediums are prohibited to bring Cell phones, hearing aids or any device of the like while in the performance of duty;
3.7.d Maximum of three (3) Official Mediums shall be appointed or designated in every affiliated Local Center to the Union;
3.7.e Any violation of the above aforementioned rules and regulations by any Official medium and sitting mediums shall be a ground for disciplinary measures.

20. *May list po ba ang National ng violations with corresponding disciplinary measures? Pwede po bang makahingi ng kopya para i-adopt na lang naming sa aming distrito?*

**ANS.** Case to Case. So far there is no grave misconduct reported. If any refer to Mediumship Committee.

**Part V TRANSITORY PROVISIONS**

Section 4 All existing circulars, implementing rules and regulations shall not in any way be prejudiced by this issuance.

**Part VI EFFECTIVITY**

Section 5 Provisions of prior issuance inconsistent with this circular are hereby deemed modified. This circular shall take effect immediately.

21. *Ang **10 Commandments to be Observed by Mediums** ay kabilang sa IRR na ito? Pwede po bang hindi na isama sa orientation dahil ang mga ginamit na mga salita dito ay mga malalalim na mga ingles at mga talinghaga na mahirap ipaliwanag? O kung kasama man, may tagalog version po ba kayo?*

**ANS.:** A copy of the Tagalog version of the 10 Commandments will be provided.

By Authority of the Board

(Sgd) **KENNEDY L. AQUINO**
President General

Attested by:

(Sgd) **BENJAMIN Y. SAN JUAN**
Secretary General

cc:File